

Ang ilang tao na nag-a-apply para sa green card o visa para makapasok sa U.S. ay dapat pumasa sa pagsusuri para sa pagiging "public charge." Sa mga sitwasyong iyon, tinitingnan ng mga opisyal sa imigrasyon kung pangunahin bang aasa ang tao sa gobyerno para sa suporta sa hinaharap. Ang tatlong mahalagang bagay na dapat malaman ng mga imigranteng pamilya tungkol sa public charge ay ang:

# 1

## **HINDI KAILANGANG ALALAHANIN NG KARAMIHAN NG MGA TAO ANG TUNGKOL SA PUBLIC CHARGE**

Hindi nalalapat sa lahat ang public charge. Maaaring napapailalim sa pagsusuring ito ang mga taong humihiling ng green card sa pamamagitan ng kaanak o hinihiling na makapasok sa US mula sa labas ng bansa. Maraming imigrante ang hindi saklaw ng pagiging public charge – tingnan ang website sa ibabang bahagi ng page na ito o gamitin ang QR code na ito.



## **HINDI NABIBILANG ANG KARAMIHAN NG MGA PROGRAMA NG GOBYERNO**

# 2

2 uri lang ang isinasaalang-alang:

1. Buwanang cash na suporta. Kasama rito ang Pandagdag na Panseguridad na Kita (Supplemental Security Income, SSI), Pansamantalang Tulong para sa Mga Nangangailangang Pamilya (Temporary Assistance for Needy Families, TANF), at mga programa sa cash na tulong na nakabase sa estado at lokal na pamahalaan
2. Pangmatagalang "institusyonal" na pangangalagang pangkalusugan, tulad ng sa tahanan para sa pangangalaga, na binabayaran ng gobyerno

Hindi maaaring tingnan ng mga opisyal sa imigrasyon ang paggamit ng tao ng iba pang programa ng gobyerno. Hindi maaaring tingnan ng mga opisyal sa imigrasyon ang anumang programa ng gobyerno na ginamit ng iba pang tao na bahagi ng iyong pamilya o tahanan, kahit na nasa aplikasyon ng iyong kaanak ang iyong pangalan, maliban kung ang mga programang iyon ang tanging pinagkakakitaan ng pamilya.

# 3

## **HINDI LANG PATUNGKOL ANG PUBLIC CHARGE SA MGA SERBISYO NG GOBYERNO**

Dapat tingnan ng mga opisyal sa imigrasyon ang isang tao sa kabuuan, hindi lang sa kung gumamit ang tao ng mga programa ng gobyerno. Kasama roon ang kung ipinangako ng kaanak o ibang tao na may sapat na kita o mapagkukunan na susuportahan ka. Makakatulong ang "affidavit ng suporta" na iyon at iba pang positibong salik kahit na gumamit ka ng mga programa ng gobyerno noon. Sa karamihan ng mga sitwasyon, hindi makakaapekto ang paggamit ng mga programa ng gobyerno sa mga aplikasyon sa imigrasyon.

Bisitahin ang [KeepYourBenefits.org](https://www.uscis.gov/green-card/green-card-processes-and-procedures/public-charge/public-charge-resources) para makakuha ng impormasyong partikular sa iyong katayuan sa imigrasyon. Kung mayroon kang mga alalahanin sa pagiging public charge o iba pang katayuan sa imigrasyon, lubos naming inirerekomenda na humingi ka ng mapagkakatiwalaang legal na payo. Mare-refer ka ng lugar na ito sa murang abogado sa imigrasyon na malapit sa iyo.

Kasama sa mga pederal na regulasyon ang listahan ng mga imigrante na hindi saklaw ng pagiging public charge. Makikita ang kompletong listahan sa

<https://www.uscis.gov/green-card/green-card-processes-and-procedures/public-charge/public-charge-resources>